

1

Nanlulupaypay sa pagod si Avienne ‘Yen’ Aldana nang dumating siya nang hapong iyon sa tinutuluyan. It was a studio-type condominium unit that she shared with friends in Cebu City. Gusto na lamang niyang ibagsak ang pagal na katawan sa kama at pahimbingin ang sarili.

Palugi na kasi ang *Margin Bookstore*, ang negosyong itinatag nilang magkakaibigan na sa loob ng limang taon ay nanatiling matatag at malakas sa masa.

Ngunit dahil dumarami ang mga kakompetensya nila sa larangang iyon, unti-unti nilang nararamdaman ang pagbagsak. At dahil mahalaga sa kanila ang *Margin*, hanggang sa huling patak ng pawis ay gagawin nila ang lahat upang masagip iyon.

Hindi biro ang perang ipinuhunan nila roon para lamang makapagsimula. Bukod sa ilang taon na ginugol nila sa pag-oopisina, ang kapupunang pera ay hiniram nila sa bangko.

At sa sitwasyong ito, ang ama lamang niya ang maaari nilang sandalan upang hingan ng tulong dahil

Girlfriend For Rent - Tarra Buluran

bukod sa nakaaangat ang pamilya niya kumpara sa mga kaibigan, maraming kakilala ang matanda na maaari nilang lapitan. Ngunit ang nakapanlulumo ay binigo siya nito.

Matapos niyang maupo sa orange cushioned sofa na naroon sa sala, nagpakawala siya ng sunud-sunod na malalalim na buntong-hininga.

Mayamaya ay dumating si Alessa. Katulad niya, matamlay rin ito at pilit ang pagkakangiti.

Kabisado niya ang kaibigan; matapang ito at tigas. Hindi ito basta nagpapaapekto sa mga negatibong bagay. Kaya nang makita niya itong parang hindi na nagsuklay ng buhok, alam niyang wala rin itong hatid na magandang balita.

“Ginawa ko ang lahat para pakiusapan ang daddy ko,” pauna ni Yen. “Pero hanggang ngayon pala, galit pa rin siya sa akin. Ginusto ko raw na suwayin sila kaya dapat lang na panindigan ko iyon.”

Sinulyapan siya nito, kitang-kita sa mukha ang pag-aalala.

“Wala ring nangyari sa lakad ko.” Tumabi ito sa kanya at iniunat ang masakit na likod sa upuan. “Pinuntahan ko iyong ninong ko kanina. Naka-time deposit daw iyong pera niya sa bangko at pagkatapos

pa raw ng anim na buwan ang maturity date. Kung makakapaghintay daw tayo, puwede niya tayong pahiramín kapag nakuha na niya ang pera,” kuwento nito.

Pakiramdam ni Yen, lalo siyang na-stress. “We can’t wait that long, Alessa. Kailangan natin ang malaking halaga sa lalong madaling panahon. Kung hindi, mawawala sa atin ang bookstore,” aniya.

“Kung ipagbili na lang kaya natin ang bookstore? Makukuha pa natin ang ipinuhunan natin doon,” mungkahi nito.

“Hindi ba’t napag-usapan na natin ang tungkol sa bagay na iyan? *Hindi* natin ipagbibili ang bookstore kahit ano ang mangyari dahil napamahal na sa atin iyon,” paalala niya.

Nagkibit-balikat si Alessa. “Suggestion lang naman ang sa akin. Kumbaga, nagiging praktikal lang ako. Pero kung may iba pang paraan, mas mabuti. Ang kaso, parang malabo na nating maisalba ang negosyo sa puntong ito,” anito.

Natahimik si Yen, saglit na nag-isip. May katuwiran ang kaibigan niya. Ngunit hindi lamang kasi dugo at pawis ang itinaya nila roon kundi prinsipyo. At dahil din doon ay nagkaroon ng gusot

Girlfriend For Rent - Tarra Buluran

sa pagitan nila ng ama. Ginusto niyang patunayan dito na hindi siya nagkamali ng desisyon.

Pangarap kasi ni Mr. Aldana na maging abogado siya, ngunit binigo niya ito at mas pinili niya ang mga kaibigan.

“Hintayin natin sina Mitch at Joyce. Baka sakaling may dala silang solusyon. Kung wala, saka tayo mag-isip ng ibang paraan.” Pagkasabi niya niyon ay bumukas ang pinto at iniluwa ang dalawang taong pinag-uusapan.

“O, para kayong mga lantang gulay, ah!” nakangiting bati ni Mitch.

Sa kanilang apat, si Mitch ang masayahin at palangiti. Walang araw na hindi ito puno ng pag-asa, mahilig sa night gimmicks, liberated at strong believer ng pre-marital sex.

“Ay, naku, oo nga! Umayos nga kayo at para kayong pinagsungitan ng panahon,” segunda ni Joyce.

Si Joyce naman ang tipong nerd. ‘Walking dictionary’ ang bansag nila rito. Napakahilig nitong magbasa ng libro. At kapag nagustuhan nito ang binabasa, wala itong pakialam kahit abutin pa ng madaling-araw. Dahil doon, hindi nakakapagtakang

makapal na ang salamin nito sa mata.

Hindi nga rin nila maintindihan kung bakit sila nagkakasundo. Magkakaiba ang mga ugali nila, ngunit kahit minsan ay hindi pa sila nagkaroon ng matinding away.

Siguro ay dahil na rin sa magkakalapit ang mga edad nila; beinte-nueve sina Mitch at Alessa, samantalang beinte-ocho naman sila ni Joyce. At dahil uso ngayon ang maagang pag-aasawa, binansagan nila ang mga sariling ‘old maids’ dahil hanggang ngayon ay nagmumukmok pa rin sila sa mundo ng pagiging single.

“Kayo ang umayos dahil palpak ang lakad namin ni Yen. Dapat positibo ang sasabihin ninyo,” kontra ni Alessa.

“Ang taray! Eh, ano ang magagawa namin kung bokya ang lakad namin ni Mitch?” sagot ni Joyce.

“Ano! You mean, kahit kaunting pag-asa, wala rin kayong dala?” anito, nanlalaki ang mga mata.

“Wala!” tugon ni Mitch. Naupo ito sa lapag at nagpahid ng pressed powder sa mukha.

Napailing-iling si Alessa. “Sabi ko na, eh! Wala namang ibang kauuwian niyan kundi ang ibenta ang

Margin!”

“Tumigil nga kayo!” Naiinis na tumayo si Yen at nagpabalik-balik ng lakad. “Hindi talaga tayo makakaisip ng paraan kung puro kawalan ng pag-asa ang tumatakbo sa mga utak ninyo!”

“Ito kasing dalawang ito, eh!” sapat ni Alessa. “Kung hindi diyaryo ang atupagin ay ang walang humpay na pagme-makeup! Palibhasa, hindi kayo mga seryoso!”

Nagtanggal ng eyeglasses si Joyce at sinimangutan ito. “Hoy, Alessa Ricarte! Ano ang akala mo sa amin, walang pakinabang? Baka hindi mo alam kung gaano napudpod ang suwelas ng mga sapatos namin dahil sa kalalakad maghapon?” litanya nito.

“Puwede ba, tigilan na ninyo iyan! Ayoko ng ganyang usapan!” napalakas ang boses na saway niya. Nagkatinginan ang tatlo.

“Ewan ko nga ba kung bakit tayo nagtatalo samantalang mayroon pa namang bukas,” kalmadong sabi ni Mitch. Lumipat ito sa mahabang sofa at iniunat ang mga binti.

“Kunsabagay, tomorrow has always something new to offer,” sang-ayon ni Joyce.

“Sana lang, huwag kayong magpaka-relax dahil lang iniisip nating laging may bukas,” dugtong ni Alessa.

Sasabad pa sana muli si Joyce nang pumagitna si Yen at idinipa ang mga braso sa kanila. “Ang mabuti pa, magpahinga na tayo. Malamang pagod lang iyan,” aniya.

Bagaman humaba ang nguso ni Alessa at naningkit ang malalabong mata ni Joyce, tahimik na tumalima ang mga ito.

“Good morning,” bungad ng isang customer.

Nag-angat ng ulo si Yen. At mula sa kinauupuang silya sa loob ng counter ay nginitian niya ang matandang lalaki. Mestizo ito at mukhang mayaman.

“Yes, Sir?”

“I’m looking for an old book for my ten-year-old daughter. I’ve been to several bookstores already and I haven’t found one,” sagot nito, sa isang foreign accent.

Saglit siyang napamaang sa matanda. Sa edad nitong humigit-kumulang sesenta años, may anak pa ito sa ganoong gulang?

Girlfriend For Rent - Tarra Buluran

Matapos niyang ibilin kay Mitch ang puwesto ay iginiya niya ang lalaki patungo sa isang shelf sa dulo na specialized in hand-me-down books. “May I know the book’s title, Sir?”

May dinukot itong maliit na papel mula sa bulsa at iniabot sa kanya.

Binasa niya iyon; *The House At Pooh Corner* by A. A. Milne, originally printed in 1928 by E. P. Dutton and was reprinted in 1956.

“Do you have such a book?” tila nasasabik na tanong nito.

“I’m not sure,” aniya. Sinimulan niyang isa-isahin ang mga libro. “That’s a very old book and rare find nowadays. But I hope I could find one.”

“My daughter really wants to have it. She first saw the book from her classmate and said she wants me to buy one for her birthday,” anito.

Mayamaya ay namilog ang mga mata niya nang makita ang isang collector’s edition bound in genuine leather. “Glad to have found it!” masayang bulalas ni Yen, pagkatapos ay iniabot iyon sa nakangiting customer. “I think that’s our first and last copy. You’re lucky.”

“Oh, thank you very much, Miss...?”

“Avienne Aldana. You may call me ‘Yen’, Sir”

Tumangu-tango ito.

“Your daughter can now enjoy her new book,”
nakangiting sabi niya.

“Your bookstore is really a blessing!”

Napabuntong-hininga siya nang marinig iyon.
How she wished she and her friends could sustain
this blessing.

Nang matapos nitong bayaran ang binili,
nagpaalam pa ito sa kanya bago lumabas ng *Margin*.

Halos magkapilipit ang mga binti ni Yen habang
naglalakad. Ang nobyo niyang si Rico ang unang
pumasok sa isip niya nang umagang iyon. Baka
sakaling may maisip itong magandang paraan para
maisalba nila ang negosyo.

Humahalo ang kasabikan sa puso niya kahit
saklaw siya ng pag-aalala. Magdadalawang linggo
na kasi silang hindi nagkikita ng lalaki. Nang huli
silang mag-usap sa telepono, sinabi nitong may
mahalaga lamang itong inaasikaso kaya hindi muna

silang maaaring magkita.

At dahil gusto niya itong sorpresahin, hindi na niya ipinaalam na sasadyain niya ang binata sa apartelle nito.

Hindi naka-lock ang pinto ng unit nito kaya dere-derecho siyang pumasok sa loob. Nakaawang din ang pinto ng silid kaya kagyat siyang sumilip doon.

Ngunit napaatras si Yen nang mabungaran ang mainit na eksena sa kama; may kasiping na ibang babae ang nobyo niya!

Mukhang manhid na ang mga katawan ng dalawa sa masarap na deliryong nararamdaman kaya hindi man lamang siya napansin. Nagmamadaling lumabas si Yen ng unit na iyon. At katulad ng mga paa, nag-uunahan sa pagdaloy ang luha niya sa kanyang mga pisngi. Pakiramdam niya, naglalambitin din sa ere ang kanyang hininga, pasikip nang pasikip.

Nagpalinga-linga siya nang marating ang labas ng apartelle. Ayaw niyang umuwi sa condo unit dahil hindi niya gustong makadagdag pa sa problema nilang magkakaibigan.

At kahit gaano niya harangin ang memorya, hindi maalis sa isip ang masakit na tagpong iyon. Napahikbi ang dalaga. Nahawakan niya ang dibdib

Girlfriend For Rent - Tarra Buluran

dahil sa sama ng loob.

Ang akala ni Yen kanina ay makakagawa siya ng paraan sa tulong ng nobyo. Ngunit mas masahol pa ang nangyari. Dinoble pa nito ang problema niya nang hindi niya inaasahan.

2

Inihatid si Yen ng kanyang mga paa sa isang pribadong parke. At sa kinauupuang bench, ibinuhos niya ang pait ng damdamin. Mabuti na lamang, hindi gaanong dayuhin ang lugar na iyon kumpara sa ibang park sa Cebu kaya hindi problema kung bumaha man ng luha roon.

Napabuntong-hininga siya. Mali nga yata na ipinagkait niya ang sarili kay Rico. Iyon marahil ang nagtulak dito na matukso sa ibang babae. Laganap na ang pre-marital sex ngayon. At napakahirap niyon para sa katulad niyang prim and proper, isang makaluma, at konserbatibo.

“Yen Aldana?”

Nilingon niya ang nagmamay-ari ng boses. Nagulat pa siya nang makita ang matandang customer na bumili ng libro sa kanilang bookstore noong isang araw.

“I didn’t expect to see you here!” Naupo ito sa tabi niya. Namumula ang mga pisngi nito at tumatagaktak ang pawis, mukhang katatapos lamang mag-jogging.

Nginitian lamang niya ito.

“You’re crying...” puna nito.

Umiling-iling si Yen at napayuko. “Uh... i-it’s common to cry sometimes,” garalgal na sabi niya.

“But the way your eyes look...” Tinitigan siya ng matanda. “It shows you’ve cried a lot.”

Muling umagos ang kanyang luha. Dahil sa sinabi nito, lalong naantig ang damdamin niya. At pakiramdam niya, isang kamag-anak ito na maaari niyang pagsumbungan.

“Please tell me, how can I help this time?” anito.

Nang mahimasmasan ay unti-unti niyang ikinuwento ang lahat ng problema niya rito. At nang matapos niyang ilahad iyon, para siyang biglang nakaramdam ng hiya sa sarili.

“I-it’s so embarrassing that I disclosed everything to a stranger. I-it’s something that I’m not used to. I’m really—”

“No, it’s all right, Yen. Don’t worry. I can be credulous even once in my life.” Napangiti siya sa biro nito.

“T-thanks,” anang dalaga.

Sandaling natahimik ito at pinagmasdan siya.

Girlfriend For Rent - Tarra Buluran

Mayamaya ay dinukot nito ang tarheta mula sa wallet at iniabot sa kanya. “Your bookstore doesn’t deserve a closure.”

Namilog ang mga mata ng dalaga nang mabasa ang pangalan nito sa maliit na papel na iyon. Tiningnan niya ang kausap. Hindi siya makapaniwalang ang kaharap niya ngayon ay walang iba kundi ang Greek billionaire na matunog ang pangalan sa radyo at mga pahayagan. Si Don Alexandros Andreadis, ang nagmamay-ari ng mga sikat at naglalakihang hotels at resorts sa Palawan.

Napapailing siya habang nangingiti. “I... I really can’t believe that I’m talking to you,” nahihiyang sabi niya.

Natawa ang matanda. “You make me feel I’m a famous celebrity,” anito.

“But you are famous.”

“I don’t want to think that I am. Because once I do, I may not be able to help other people. I think of myself as an ordinary person who talks and walks the usual way of life.” Sumeryoso ang mukha nito. “Yen, let me help you.”

Hindi niya malaman ang sasabihin. Hindi niya gusto ang maruruming bagay na tumatakbo sa isip

Girlfriend For Rent - Tarra Buluran

niya nang mga sandaling iyon. Sa panahon ngayon, lalo na sa estado ng kausap, mayroon pa bang magkukusang tumulong nang walang hinihintay na makamundong kapalit?

“I won’t be hypocrite that I don’t need your help. But if it has something to do with money, I don’t think I could pay you back the soonest way possible,” pahayag niya.

Umiling ang bilyonaryo. “Yen, this is not about lending you money, but it’s a job from which you could earn from,” turan nito.

Nangunot ang kanyang noo. “I d-don’t understand.”

Umunat muna ito ng pagkakaupo saka nagpatuloy, “I’d like to rent your services as girlfriend to my grandson,” simula nito.

“W-what!” Napadilat ang mga mata niya dahil sa gulat.

“I’d be paying you a hundred thousand a month, Yen...” dugtong nito. “Enough to save your business.”

“B-but...” Napailing ang babae. “That’s totally ridiculous and weird.”

“I know. But I’m serious about it. And I’m not

asking you of anything, but your willingness to cooperate.”

Natulala si Yen at nag-isip. Hindi siya makapaniwalang sinsero ang matanda sa sinabi nito. Lubhang kakaiba ang trabahong iyon ngunit sa kabilang banda, iyon ang malinaw na sagot sa problema nila.

“W-what about your grandson’s real girlfriend?” malaunan ay tanong niya.

Umiling ito. “He has no one in particular but has plenty of girls in his life,” sagot nito.

“I... I think I have to go.” Dahil doon ay para siyang biglang natuliro. “M-maybe I need to talk it over with my friends.” Pagkasabi niyon ay nagmamadali siyang tumayo at tumalikod.

“Call me once you’re decided. I won’t be looking for anybody to replace you, Yen. And besides, I really want to help you,” pahabol na sabi ng matanda.

Pagkalipas ng dalawang araw, natagpuan na lamang ni Yen ang sariling nag-aayos ng kanyang mga gamit patungong Palawan. Nagkaroon sila ng masinsinang pag-uusap ng kanyang mga kaibigan

tungkol sa alok ng Greek billionaire. Sinabi na rin niya sa mga ito ang tungkol kay Rico.

At mula sa tinitirhang condo, ipinasundo siya ni Don Alexandros sa sekretarya nitong si Linette upang ihatid siya sa domestic airport kung saan naghihintay ang private plane ng mga Andreadis.

“Dapat ngayon pa lang ay nagdarasal ka na,” masungit na sabi ng babae. “Hindi mo alam kung ano ang magiging kapalaran mo doon.” Hindi niya maintindihan ang ibig nitong sabihin ngunit pakiramdam niya, may babala sa tono nito.

Kahit paano ay ginapangan siya ng pag-aalala sa sinabi nito. Gayunpaman, isiniksik niya sa isip na trabaho ang ipinunta niya roon kaya wala siyang dapat ipangamba.

Ilang sandali pa’y lulan na siya ng private plane na nasa himpapawid na patungo sa kanyang destinasyon.

Sa wakas ay humimpil ang eroplano sa Coron, islang matatagpuan sa northern tip ng Palawan. Sabik na bumaba siya mula roon at kaagad dinama ang hanging amihan na nagdudulot ng ginhawa sa pakiramdam.

Tunay ngang napakaganda ng Palawan, parang

Girlfriend For Rent - Tarra Buluran

paraiso. The thought of isolation and distance from the big city gave her comfort instead of pain. Batid niyang malaki ang maitutulong niyon upang madali niyang makalimutan ang taksil na nobyo.

“Miss Avienne Aldana?” anang isang tinig mula sa kanyang likuran.

Nilingon niya ang nakangiting babae. Nakasuot ito ng business suit at sa tingin niya, mas maganda ito kung walang pahid ng kolorete ang mukha.

Nilapitan siya nito at kinamayan. “I’m Reanna Borja. Ako ang assistant manager ni Xamuel,” tukoy nito sa apo ng bilyonaryo na namamahala ng mga negosyo roon ng matanda. “Itinawag sa akin ni Don Alexandros ang pagdating mo. Welcome to Coron, Miss Aldana. I hope you’ll enjoy your stay here.”

“Salamat,” aniya. “And please just call me ‘Yen.’”

Nakangiting tumango ito. “Please come with me,” anito. Iginiya siya nito pababa mula sa elevated na lugar na iyon.

“I’ll take you to Xamuel’s place. But right now he’s out of the hotel. May importante lang siyang inaasikaso sa kabilang isla. You can take a warm bath if you like and after that, if he can make it sooner, you’ll have your first dinner with him. Is it all right

with you?”

“I... guess so,” alinlangang tugon niya.

Tiningala ng dalaga ang building sa harapan nila. Iyon na pala ang *The Andreadis Hotel*. Its facade displayed excellence and class.

Binalot siyang muli ng nerbyos, ngunit sinikap niyang patatagin ang sarili. Hindi niya dapat maramdaman iyon ngayon.

Nang marating nila ang penthouse suite ni Xamuel, muling bumangon ang kaba sa puso niya. Lalo yata siyang naaasiwa habang papalapit ang oras ng pagkikita nila ng magiging ‘noby’.

Humalimuyak ang pabangong panlalaki nang mabuksan ang pinto. Sa amoy pa lamang niyon ay nakaka-in love na. Higit pa siguro kung makita niya ito nang personal. Malamang ay hindi nalalayo ang hitsura ng binata sa lolo nito.

Napailing si Yen sanhi ng iniisip, gusto niyang matawa sa sarili.

Malamig sa mata ang coffee brown na color theme ng silid ni Xamuel. Lalaking-lalaki ang paligid. Mula sa mga muebles hanggang sa bedsheets at pillow cases, halatang barako ang gumagamit ng

mga iyon.

“I’ll be back in an hour. Make yourself comfortable, Yen. See you later,” paalam ni Reanna.

“W-wait—” tawag niya ngunit naipinid na nito ang pinto. “How can I make myself comfortable?” naiwan siyang tinatanong ang sarili hanggang masulyapan niya ang bathroom.

“It seems like I have a new woman here,” bungad ni Xamuel. Nakahalukipkip ito habang nakasandal sa hamba ng pinto ng banyo.

Napapitlag si Yen nang marinig ang malamyos na boses ng lalaki. Inabutan siya nitong nagpapahid ng lotion sa kanyang mga binti.

Hindi kaagad siya nakahuma dahil hindi niya inakala na makakabalik kaagad ito sa hotel.

“Can’t you knock?” Iyon ang naisip niyang sabihin.

“Bakit ako kakatok sa sarili kong pamamahay?” balik nito.

Gusto niyang batukan ang sarili. Siya nga pala ang estranghera sa lugar na iyon. Sobra kasi siyang

Girlfriend For Rent - Tarra Buluran

nataranta nang makita ang binatang Griyego, humigit pa ang hitsura nito sa iniisip niya. At sa kabuuan nito, hindi maikakaila na may lahi rin itong Pilipino.

Ngunit mas ikinagulat ni Yen ang dahan-dahang paglapit nito sa kanya. Hindi siya makakilos, parang namanhid ang kanyang katawan na tila tinurukan siya ng anaesthesia.

Nang huminto ito sa harapan niya, nalanghap ng kanyang ilong ang napakabangong samyo nito dahil upang mapakurap-kurap siya. Pati ang isip niya ay tila nablangko rin.

His Greek and Filipino corporeal heritage added strength to his masculinity. His 5'11" height and hard physique gave him a powerful aura, too domineering that could brush her poise off the ground.

Naroon din ang awtoridad sa presence nito na anumang oras ay kayang pasabugin ang puso niya dahil sa lakas ng pagtibok. And his nose which seemed to be aristocratic, sweetly blended with his confident jaws.

“Are you my supposed girlfriend that I’ve been hearing about?” seryosong tanong ng lalaki.

Napatitig si Yen sa kulay abong mga mata nito. Mayroon siyang nadarama mula sa mga iyon na hindi

niya mawari kung ano.

And without warning, gusto niyang masabing nobyo ito kahit sa papel lamang.

“Y-yes, that’s what we had agreed upon,” nauutal na sagot ng dalaga. Ramdam kasi niya ang paninigas ng panga habang kausap ito.

Naningkit ang mga mata ng kaharap, para bang pinag-aaralan ang bawat himaymay ng kanyang laman.

“I barely know what my grandfather’s reason for hiring you. I don’t need a girlfriend and I don’t see something special in you, either,” may panlalait sa tinig na bigkas nito.

Nagitla si Yen sa narinig. Hindi niya inakalang magbibitiw ito ng ganoong komento. Bigla tuloy naglaho na parang usok ang paghanga niya rito.

“I’m not here to defend myself,” matigas na pahayag niya.

Ngumiti si Xamuel ngunit batid niyang may halong sarkasmo iyon. “Yes, I know. You’re here because of the money,” anito.

Nalaglag ang panga niya. Sayang ang gandang lalaki nito, bastos at walang modo!

“You’re right.” Itinindig niyang mabuti ang katawan at tinaasan ito ng isang kilay. “I’m here because of the money. What’s your problem with that?”

Halos mawalan siya ng panimbang nang ilapit nito ang mukha sa kanya. She could smell his fresh mint breath, hypnotizing her. And certainly, he was as enticing as the gods described in Greek mythology.

“I live my life here independently. And I’m not used to having problems,” aroganteng sabi nito.

Problem? nagtatakang ulit niya sa sarili. Ganoon ba ang tingin nito sa kanya?

“Well...” Humalukipkip siya upang pigilin ang kamay na gustong sumampal dito. “I’m sorry to say this, but what you badly need is the virtue of patience because I think I’d be spending months here.”

Napasinghap si Yen nang bigla nitong haklitin ang baywang niya palapit dito. Parang kidlat sa bilis na dumaloy ang kilig sa mga ugat niya nang dumaiti ang kanyang dibdib sa maskuladong katawan nito.

“At sino ka para sabihin sa akin ang tungkol sa bagay na ’yan? You don’t seem to have it, either,” anito na halos mahalikan na siya.

Girlfriend For Rent - Tarra Buluran

Kay sarap sanang damhin ng hininga ng lalaki na banayad na dumadampi sa kanyang mukha. Ngunit dahil sa labis na pagkadismaya sa kabastusan nito, pinalis niya iyon sa isip.

At sa halip, gusto niyang isa-isahin sa pagmumukha nito ang pinagmulan niya. Mali ang iniisip nito sa kanya! She was totally the opposite of what he thought she was.

Napatitig na muli ang dalaga sa mga mata nito. Sa palagay niya ay hindi ito maniniwala na disente siyang tao. May matino nga bang babae na papatos sa ganitong klase ng trabaho?

Kung hindi lamang talaga dahil sa bookstore, ngayon din ay magbabalot na siya pabalik ng Cebu.

“Isipin mo kung ano ang gusto mong isipin. Narito ako para tuparin ang nasa kontratang pinirmahan ko,” turan niyang pilit na pinakalma ang boses.

Saglit siyang tinitigan ng binata, parang binabasa kung ano ang laman ng utak niya. Pagkatapos ay tila inis na binitawan siya nito.

“Be ready at exactly seven thirty tonight. I want you to join me at dinner. Don’t be late. Time is as important as business.” Pagkasabi niyon ay lumabas na ito ng silid.

Girlfriend For Rent - Tarra Buluran

Nakahinga nang maluwag si Yen, kahit alam niyang pansamantala lamang iyon. Ganoon ba talaga ang tingin ng mayayaman sa sarili, parang pag-aari ang buong mundo?

3

“You’re a minute late,” supladong sabi ni Xamuel nang makita siya. He didn’t even bother to offer her a seat.

Awtomatikong tumaas ang isang kilay ni Yen pagkatapos maupo sa harapan nito. “Hindi ka naman siguro mababawasan ng isang sentimo sa loob ng isang minuto. And it won’t even cause you a trouble—”

“Ano ang gusto mong kainin?” biglang sabi nito. Halatang sinadya nitong harangin ang sinasabi niya.

Ikaw! nanggagalaiting tugon niya sa isip. *Gusto kitang kainin nang buhay!* “Bahala ka! Kung ano sa tingin mo ang hindi pa nakakain ng isang mababang uri na katulad ko!” sa halip ay sagot ng dalaga. She wanted to tell him how he treated her.

Ngunit imbis na mainis ang lalaki, siya ang lalong nayamot nang bumuka ang bibig nito.

“Mahihirapan kang lunukin ang lahat ng available na pagkain dito sa restaurant. Or worse, maospital ka dahil hindi ka natunawan,” pangungutya ni Xamuel sa kabila ng blangkong expression.

Girlfriend For Rent - Tarra Buluran

Gustong magliyab ng mga kanyang mata at gawing sizzling barbecue ang kaharap nang sa gayon ay matigil ang kayabangan nito.

“Iced tea na lang,” nakairap na sabi ni Yen.

Sabay na umangat ang mga kilay nito. “A plain drink won’t satisfy you,” anito.

“Mas mabubusog ako sa isang piraso ng pandesal nang nag-iisa kaysa sa mamahaling pagkain habang kaharap ka,” pagtataray niya. Hindi na kasi niya mapigilan ang emosyon.

Nagdiwang ang loob niya nang magbago ang reaksyon ng lalaki. Ramdam kasi niyang tinablan ito sa sinabi niya. Ngunit saglit lamang iyon at nabawi ng binata ang sariling composure. Tinawag nito ang waiter.

“Give my guest a piece of hot pandesal,” pormal na sabi nito sa unipormadong lalaki.

Napakamot ng ulo ang waiter, nagtataka sa sinabi ng amo.

“You heard it right,” anang binata rito, habang nakapako ang paningin sa kanya.

Nang bumalik ang waiter dala ang tinapay, tumayo si Xamuel.

Girlfriend For Rent - Tarra Buluran

“H-huwag mong sabihing iiwan mo akong mag-isa rito?” natulirong tanong ni Yen. Ayaw kasi niyang magmukhang tanga sa sarili at sa harap nito.

“You have your wish—alone with hot pandesal. See you later.” Tumalikod na ito habang ikinakaway ang isang kamay patalikod sa kanya.

Gustong umusok ng ilong niya sa ginawang panunutil ng lalaki. *Bastos!* gusto niyang isigaw.

Gising pa ang diwa ni Yen nang maramdaman niyang dumating si Xamuel nang gabing iyon. Naroon siya sa sala dahil wala naman siyang ibang matutulugan kundi ang sofa kaya rinig na rinig niya ang pagpihit nito ng seradura.

Bandang alas onse kanina ay nahiga na siya ngunit hanggang ngayon, dilat na dilat pa rin ang kanyang mga mata. Nagningingitngit pa rin kasi siya dahil sa ginawa nito sa kanya sa restaurant.

At magkukunwari sana siyang tulog ngunit nang banayad na humalo ang amoy ng alak sa pabango nito, hindi niya napigilan ang sariling lungunin ang binata.

“Hi,” maagap na bati nito nang mahuli nitong

Girlfriend For Rent - Tarra Buluran

nakatingin siya. Naupo ito sa couch, katapat ng hinihigaan niya. At katulad din ng karamihan sa lasing, tila nang-uuto ang kilos nito. “Sorry to keep you waiting. I had some fun—”

“I’m not waiting!” pambabara niya.

Humalakhak si Xamuel na lalo niyang ikinairita.

“Puwede ba, tumigil ka nga sa katatawa mo!” asik ni Yen.

Tumigil nga ang lalaki ngunit tumitig naman sa kanya na ikinayanig ng dibdib niya.

At nang ayaw nitong bawiin ang paningin, bumaling siya ng pagkakahiga at tinalikuran ito. Gusto niyang isumpa ang sarili dahil tila nadadaig siya ng kilig na nangingibabaw sa kaloob-looban niya.

“Bakit gising ka pa kung hindi mo ako hinihintay?” pamimilosopo nito.

Sanhi niyon, nalukot ang mukha niya. Dagli siyang bumangon at muling hinarap ang binata.

“Talaga bang ganyan kayong mayayaman, masyadong feeling?” sita niya.

Nangunot ang noo ni Xamuel. “Feeling? What do you mean? Sorry pero hindi kasi ako sanay sa mga

salitang kalye,” anito.

Lalong umalsa sa galit si Yen dahil sa sinabi nito. At kung hindi niya ilalabas ang kumukulong damdamin, baka bigla na lamang siyang manigas o atakihin sa puso.

Siya naman ang tumawa nang may sarkasmo. “Masyado ka naman yatang napapag-iwanan sa kangkungan, Mr. Andreadis. For your information, iyon ang uso ngayon. In short, you’re feeling guwapo, feeling astig, feeling the best, feeling great, feeling—”

“You mean, conceited.” Napailing ito. “Ang dami mo pang sinabi.”

Pakiramdam ng dalaga ay sasabog ang kanyang ulo sa takbo ng kanilang usapan. Minabuti na lamang niyang pigilan ang sarili. Isa pa, hindi siya sanay na laging may kairingan.

“Puwede bang matulog ka na lang para makatulog na rin ako? Bawal kasi sa akin ang napupuyat!” pilit na pakiusap niya.

“Diyan ka matutulog?” tanong nito.

“At bakit? May iba pa ba akong tutulugan bukod dito? Maliban na lang siguro kung may ini-reserve kang kuwarto para sa akin,” pasaring ni Yen.

Girlfriend For Rent - Tarra Buluran

“May nakasulat ba sa kontrata na kailangang magkahiwalay tayo ng kuwartong tutulugan?” usisa ni Xamuel.

“Wala,” mabilis na sagot niya.

“Wala naman pala. So, puwede kang tumabi na lang sa akin. Tatal, malaki ang kama ko,” anito.

“Ano!” bulalalas niyang nanlaki pa ang kanyang mga mata. Nakakainis talaga ang lalaking ito, kinikilabutan siya sa mga pinagsasasabi!

Napangiti si Xamuel. “It’s sort of a joke if you tell me you still have something to protect,” anito.

Nanlaki ang mga butas ng kanyang ilong sa narinig. At ano ang gusto nitong palabasin? Kaladkarin siyang babae?

Hah! Nagngalit ang mga ngipin niya. Sa lahat ng mga lalaking nakilala niya, ito na yata ang pinakamagaspang ang pag-uugali.

“Wala akong dapat ipaliwanag! Pero gusto kong ipaintindi sa ’yo na hindi ako kasing-dumi ng iniisip mo!” gigil na sabi ni Yen.

“Well, I’m glad that you assert your right. But to tell you frankly, I don’t trust people easily,” saad nito.

“Ako rin!” nakairap na sabi niya.

Napatitig ito sa kanya, pagkatapos ay napangiti.

“You’re my girlfriend, right?” pagkuwan ay tanong ni Xamuel.

“Just for rent!” pagdidiin niya, hindi nawawala ang asim sa mukha.

Tumayo ito mula sa kinauupuan at walang sabi-sabing tumabi sa kanya.

Bumilis ang tibok ng puso ni Yen. Pati ang hangin na ibubuga na lamang ng baga niya ay umurong pa. Ganoon din ang kanyang mga mata, parang ayaw kumurap ng mga iyon, tila hinihintay kung ano ang susunod na gagawin nito.

“Kung tutuusin, puwede nating dayain ang kontrata. I mean, we can treat each other without giving much importance to—”

“Kapag ginawa natin iyon, para ko na ring niloko ang lolo mo. Isa pa, ayoko namang basta na lang tanggapin ang suweldo ko nang hindi iyon pinagpapaguran,” giit ng dalaga.

Muli, tinitigan siya ni Xamuel, iyong mas nakakapaso kaysa kanina. Biglang nanlamig ang kanyang mga kamay samantalang kakaibang init

Girlfriend For Rent - Tarra Buluran

naman ang namamasyal sa kaibuturan niya, sinasagi niyon ang bawat pintig ng kanyang pagkababae.

“Then kiss me, Miss Aldana,” may awtoridad sa tinig ng kaharap.

“W-what!”

“You want to be true to the contract, right? Then, be true to your role. Kiss me,” muling utos nito.

Parang gustong mamanhid ng mga labi niya. Kung kanina ay nagawa pa niyang tarayan ang binata, ngayon ay naumid yata pati ang dila niya.

“I’m waiting, Miss Aldana,” tila naiinip na sabi ni Xamuel.

Nagsalubong ang maninipis niyang kilay. “Maghintay ka!” piksi niya.

Naaasiwang iniharap niya ang mukha rito habang dumadagundong ang kanyang dibdib. Pakiramdam niya ay pinagpapawisan din siya nang malapot.

Lumakas lamang ang loob niya nang makita ang hitsura ni Xamuel; seryoso ang guwapong mukha nito habang nakapikit na parang naglalaro ng pitik-bulag. Gusto niyang matawa.

“Gagawin mo ba o hindi?” Napapitlag si Yen nang

Girlfriend For Rent - Tarra Buluran

biglang idinilat nito ang mga mata. Huling-huli kasi siya nito sa akto na pinagpipiyestahan ang kakisigan nito.

“Oo na! P-pumikit ka uli.” Inirapan niya ito upang mapagtakpan ang hiya.

4

Hindi maintindihan ni Xamuel ang sarili habang hinahalikan ng dalaga. Damang-dama niya ang bawat paggalaw ng mga labi nito na parang may kalakip na kung ano na nagpapalambot sa damdamin niya. Pakiramdam niya, ngayon lamang siya nakaranas ng ganitong klaseng halik. At sana huwag nang matapos ang sandaling iyon.

Napadilat siya nang bawiin ni Yen ang mga labi.

“Why did you stop?” reklamo niya. “Sinabi ko bang ayaw ko na?”

Kitang-kita ni Xamuel ang emosyon na pumaibabaw sa magandang mukha ng babae, bagay na naaaliw siyang pagmasdan. Her tiny dimples seemed to sparkle as she made faces. And her thick-lashed eyes harmonized with her aura, showing warmth the more they were threatened.

Namaywang ito. “At ano ang gusto mo, overnight kiss? Umayos ka nga!” piksi ni Yen.

“Kung ayaw mo, ako na lang ang hahalik sa ’yo. Pumikit ka,” malaunan ay sabi niya.

“Nahihibang ka!” singhal nito.

“Sinabi nang pikit! Sa lahat ng ayaw ko ay iyong mga babaeng pakipot,” aniya.

“Gan’un? Eh, kung ayaw ko?” hamon nito.

“I will force you.” Gusto niyang matawa sa sarili nang sabihin iyon.

Nanlaki ang mga mata ng dalaga. Marahil, kung isa siyang babae ay kanina pa siya nito sinabunutan. Halatang pinipigil nito ang panggigigil. But he liked that.

“Subukan mo lang at hindi ako mangingiming kasuhan ka! Kahit hindi mo ako kasing-yaman, palaban ito, oy!” hirit ng kausap.

Pinagtawanan lamang niya ang sinabi nito. “Do you think they would believe you? Your consent and your signature in the contract would speak for you. Lalabas na walang takutan o puwersahang nangyari. So if I were you, just do what I say.”

“Ayoko!” paninindigan ng kaharap.

Xamuel displayed a naughty yet convincing smile. “I’ll give you options. Ano ang gusto mo, puwersahin kita na alam mong masasaktan ka lang o tanggapin ang isang masarap na halik mula sa akin

Girlfriend For Rent - Tarra Buluran

na alam mong mag-e-enjoy ka? Just pick one, Miss Aldana,” saad niya.

Nanulay sa mukha ni Yen ang pagkalito pagkatapos ay naniningkit na tinitigan siya.

“S-sige na nga, pumapayag na ako!” sang-ayon nito, ngunit hindi nawawala ang masamang tingin sa kanya.

Nang ipikit ng dalaga ang mga mata, sandali niyang pinagmasdan ang mukha nito. May kakaibang pakiramdam na dumapo sa kanyang puso nang hagurin niya ng tingin ang bilugang mga labi nito. Tunay na nakakatakam ang hitsura niyon, para iyong masarap na pagkain na amoy pa lamang ay nakakagana na.

“I’m waiting, Mr. Andreadis,” panggagaya nito sa kanya kanina, dahilan upang mapangiti siya.

Ilang sandali pa ay marahan nang lumilibot ang mga labi niya sa bibig nito. Pakiwari niya ay bumagal ang oras habang ginagawa niya iyon. He felt something unfamiliar. The sensation brought by the touch of her lips was gently going through his heart.

And when she moved her lips, he knew she was kissing back. Gayunpaman, ramdam niya ang kakulangan ng emosyon sa halik nito. Parang hindi

ito gaanong sanay sa larangang iyon.

Ngunit sinangga iyon ng kanyang isip. Hindi sapat ang halik upang mapaniwala siyang inosente ang isang babae. Madaling magkunwari. At hindi niya basta hahayaan ang sariling magayuma ng simpleng bagay na iyon.

Ngunit bakit parang may hatid na kakaibang kiliti ang halik nito sa kanya? And with her presumably raw gesture, he couldn't understand why all of a sudden he felt excited.

Tila nabaligtad ang gusto niyang mangyari. Kung kanina ay siniguro ni Xamuel na masasarapan ang dalaga sa halik niya, siya ngayon ang nakakaramdam nang gayon. He could feel the pour of attraction toward her, making him really enjoying the moment. And the more he kissed her, the harder it took to make him stop.

Siya na mismo ang umawat sa sarili; inilayo ni Xamuel ang sarili kay Yen. Alumpihit siyang tumayo at mabilis na tinungo ang silid. Ngunit bago niya isinara ang pinto ay nakuha pa niyang galitin ito.

“Next time, don't wear pajamas. It turns me off.”

At kahit hindi niya lungunin ang babae, batid niyang gusto siyang lapain nito.

Nang magising si Yen kinabukasan ay wala na roon si Xamuel. Ngunit ginulat siya ng ilang piraso ng mainit na pandesal at isang tasa ng umuusok na kape na nakahain sa mesa.

Sa halip na matuwa, gusto niyang makunsumi. *Ang lalaking iyon, pupurgahin yata ako sa tinapay! Ikinumpara ko lang naman sa pandesal ang pakikipag-usap ko sa kanya, tinotoo na! Hay, ang hirap talagang ispelengin ng mayayaman, reklamo niya sa isip.*

Pagkagat niya ng tinapay, bumalik sa kanyang isip ang nangyari ng nagdaang gabi.

Matalas ang imahinasyon niya kaya hindi niya namalayang sinasalat-salat na niya ang mga labi habang inaalala ang init ng halik ng binata.

Dumako ang isip niya sa mga mata nito. Napakaarogante ng mga iyon ngunit kung makatitig, animo ay inaangkin siya at hinihilo sa sarap. At ang kakaibang magnetong kakambal ng halik nito ay tunay namang nakakabaliw, nanunuot sa bawat hibla ng kanyang laman.

Ngunit bigla siyang sinalikop ng pagtataka. Bakit kaya naisipan pa ng lolo nito na gumawa ng ganitong klase ng kontrata samantalang sa gandang lalaki ni

Girlfriend For Rent - Tarra Buluran

Xamuel, hindi na nito kailangan pang manligaw. At pihadong ang mga babae na ang kusang lalapit upang paibigin ito.

Napatingin si Yen sa klasikong kisame, at ipinako ang mga mata sa mga nakapalibot na mumunting ilaw sa chandelier. Mula roon ay nakabuo siya ng isang pagdududa.

Hindi kaya bakla si Xamuel na nagtatago sa isang makisig na Adonis? At inililigaw nito ang mga babae sa pamamagitan ng nag-aalab nitong mga halik?

Tarantang ipinilig niya ang ulo. Pilit niyang itinapon ang teoryang iyon. Wala sa hitsura nito ang pagiging gay.

Napatitig naman siya sa hawak na pandesal at napangiti. Straight si Xamuel. Imposible ang iniisip niya.

Nadismaya si Xamuel nang malaman niyang hindi siya makakabalik sa Coron nang gabing iyon. Nasa *El Nido* kasi siya nang mga sandaling iyon. Nagkaproblema ang diving site nila roon na kailangang mabigyan kaagad ng karampatang solusyon.

Girlfriend For Rent - Tarra Buluran

Tinawagan niya si Reanna upang ipahatid ang balita kay Yen na sa susunod pang araw siya makakauwi.

Natigilan siya; hindi niya maintindihan ang sarili. Mula kaninang umaga hanggang ngayong takip-silim ay kating-kati ang mga paa niya na makabalik sa hotel. Dati ay halos ibuhos niya ang oras sa trabaho partikular na ang paglilipat-lipat ng isla.

At mula kung saan ay umalingawngaw ang bulong ng konsyensya niya. Hindi kaya dahil iyon sa kanyang ‘girlfriend for rent’?

Ipinilig ni Xamuel ang ulo. Mahigpit niyang pinaalalahanan ang sarili; hindi niya dapat maramdaman iyon. Isa pa, hindi siya handang magmahal muli pagkatapos ng unos na iyon sa buhay niya. Hindi pa iyon ang tamang oras. At hindi sa katulad nito.

“O, p’re, kumusta iyong inirereto sa ‘yo ng lolo mo?” nakangiting tanong ni Gian, kaibigan niya at general manager ng resort at diving site nila roon, habang tinatapik-tapik ang kanyang balikat.

Umiling ang binata. “Anong inirereto? She’s being rented for over a hundred thousand pesos to be my girlfriend,” pag-iimporma niya.

Girlfriend For Rent - Tarra Buluran

Nagulat man ay napailing-iling na lamang ito. “Hindi ko maintindihan iyang si Don Alexandros. Bakit kailangan pa niyang magbayad ng ganoon kalaking halaga para lang mabigyan ka ng babae? For Adam’s sake, ikaw ang inaamo ng mga babae kahit saan ka magpunta!” anito.

“Sa tingin ko, mukhang kabado ang lolo ko dahil hanggang ngayon ay hindi pa ako nag-aasawa,” tugon niyang nilingon ang kausap. “At wala akong sineseryosong babae.”

Napatingin ang kaibigan sa kanya. “Iyon ang matagal ko nang gustong itanong sa ’yo, Xamuel. Hanggang ngayon ba ay wala ka pang makitang kapalit ni Cielo? You’re thirty at ang alam ko sa edad na ganyan ay hindi na tumatangging lumagay sa tahimik,” seryosong sabi nito.

Ngumiti siya ngunit kasimpait iyon ng ampalaya. “Huwag mo akong madaliin, Gian. Darating din tayo diyan.”

“Pihikan ka kasi, pare. Talagang mahihirapan kang maghanap ng tutugma sa gusto mo. Ang masama, dahil sa kapipili mo, baka sa bungi ka bumagsak,” paalala nito.

Bumalik ang isip niya sa dating nobya. Halos

Girlfriend For Rent - Tarra Buluran

sambahin niya si Cielo at sinigurong malinis ito kapag iniharap niya sa dambana. Ngunit biglang dumating ang bangungot na iyon na hanggang ngayon ay sumusugat pa rin sa kanyang puso.

Pagkatapos ay ang dalagang Cebuana naman ang sumingit sa isip niya. Nalilito kasi siya tuwing oobserbahan si Yen. Parang hindi tumutugma ang pag-uugali nito sa klase ng personalidad na pilit niyang iniuugnay sa pagkatao ng dalaga.

“Tingnan mo ako, Xamuel. Kahit hindi ganoon ka-striking ang beauty ng girlfriend ko, masasabi kong kontento na ako sa kanya,” tukoy nito sa nobya.

Napangiti siya. “Kunwari ka pa! Bakit hindi mo na lang aminin na ang yaman niya ang pinupuntirya mo?” biro niya.

Humalakhak si Gian. “Sobra kang magbiro, ah! Natutumbok mo iyong totoo!” pabiro ring sagot nito.

Ngunit ang totoo, natutuwa siya para sa kaibigan. Sa wakas ay natagpuan na nito ang babaeng karapat-dapat nitong mahalín. Dahil katulad niya, babaero rin ito. Kapag naikama na nito nang ilang beses ang isang babae, awtomatikong maghahanap na ito ng bago.

Samantala, hatinggabi nang magising si Yen

Girlfriend For Rent - Tarra Buluran

dahil sa sobrang hapdi ng sikmura. Namimilipit siya sa sakit at pinagpapawisan nang malamig.

Inapuhap niya ang cellphone sa mesitang kaharap at pinindot ang numero ni Reanna.

“Hello?” sagot ng babae mula sa kabilang linya.

“H-hello, R-Reanna?” naiiyak na bungad niya.

“Y-Yen? Ikaw ba iyan? Bakit ka umiiyak? Ano ang nangyari?” Umahon ang pag-aalala sa boses nito.

“P-puntahan mo ako, p-please...” Iyon lamang ang nasabi niya pagkatapos ay nawalan na siya ng ulirat.